DOCUMENT RESUME

ED 405 226 SO 022 130

TITLE	Social Studies: Introductory--Identity. Teacher's Guide and Resource Book=Araling Panlipunan: Intro--Pagkakakilanlan. Ang Patnubay Ng Guro At Hanguang Aklat.
INSTITUTION	Berkeley Unified School District, Calif. Asian American Bilingual Center.; California State Univ., Los Angeles. National Dissemination and Assessment Center.
SPONS AGENCY	Department of Education, Washington, DC.
PUB DATE	80
NOTE	262p.; For related documents in the series, see SO 022 126-135.
PUB TYPE	Guides - Classroom Use - Teaching Guides (For Teacher) (052) -- Multilingual/Bilingual Materials (171)
LANGUAGE	English; Tagalog
EDRS PRICE	MF01/PC11 Plus Postage.
DESCRIPTORS	*Bilingual Education; Concept Formation; Curriculum Development; Early Childhood Education; *Ethnic Groups; *Family (Sociological Unit); Filipino Americans; Group Dynamics; Individual Characteristics; *Individual Development; Interdisciplinary Approach; Kindergarten; Kindergarten Children; Preschool Children; Resource Materials; Self Concept; Self Esteem; Tagalog; Teaching Guides; *Thematic Approach

ABSTRACT

This Pilipino teacher's guide is part of Berkeley, California Unified School District Asian American Bilingual Center's effort to foster the total growth of the child. To facilitate that growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas, including mathematics, reading and language arts, fine arts, and science, are organized. The four social studies themes are child, family, community, and natural environment. The themes reappear and expand through the curriculum from one text to the next and correlate to the concepts of identity, needs, and interaction. The Introductory Level is designed for prekindergarten and kindergarten children. Each level develops one or more aspects of a theme as the child moves from simple to complex ideas and from understanding of self to understanding of society. Unit 1 of the document, entitled "Self-Discovery," develops concepts concerning how people identify themselves with different kinds of information, how people are similar or different, how people change and grow, and the fact that people are complex living things. Unit 2, "Family and Ethnic Group," examines the conceptual premise "people belong to different groups." The document includes an introduction, notes to the teacher, and a resource guide. (SG)

ED 405 226

U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION
Office of Educational Research and Improvement
EDUCATIONAL RESOURCES INFORMATION CENTER (ERIC)

☒ This document has been reproduced as received from the person or organization originating it.

☐ Minor changes have been made to improve reproduction quality.

• Points of view or opinions stated in this document do not necessarily represent official OERI position or policy

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

INTRO

IDENTITY
PAGKAKAKILANLAN

Social Studies
ARALING PANLIPUNAN
2

SO 022 130

CLEAR MATERIALS LIBRARY

BEST COPY AVAILABLE

Asian American Bilingual Center

INTRO

IDENTITY
PAGKAKAKILANLAN

Social Studies
ARALING PANLIPUNAN

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

Asian American Bilingual Center

National Dissemination and Assessment Center
California State University, Los Angeles, 5151 State University Drive, Los Angeles CA 90032

ACKNOWLEDGEMENTS

The Asian American Bilingual Center's Introductory level social studies curriculum has resulted from the work of several people. The general conceptual framework was the product of Linda Fong and Cora Rodil. The three volumes were drafted by Linda Fong, Cora Rodil, Cynthia Bonta, and Jessica Ordona. Revisions were done by Lillian Poon, Karen Matsumoto, and Libby Chiu. Rosalyn Chan, Agapito Ramos, William Hames, May Liang, Chester Yoshida, and Wesley Senzaki worked on the illustrations. Editing and other production work was the collaborative effort of Pat Jang, Jose Y. Arcellana, Francis So, Gloria Garcia, Donna Chan, Cordell Yee, Mary Ann Castagnozzi, Joyce Ho, Emily Yu, Valerie Otani, and Linda Wing.

© 1980 by the Berkeley Unified School District

The activity which is the subject of this publication was supported in whole or part by the Office of Education, U.S. Department of Health, Education, and Welfare. However, the opinions expressed herein do not necessarily reflect the position or policy of the Office of Education, and no official endorsement by the Office of Education should be inferred.

Developed by
ASIAN AMERICAN BILINGUAL CENTER
Berkeley, California

Published and distributed by
NATIONAL DISSEMINATION AND ASSESSMENT CENTER
California State University, Los Angeles
5151 State University Drive
Los Angeles, CA 90032

TALALAMANAN

Pambungad iv

Mga Tala para sa Guro viii

Ang Patnubay ng Guro 1

Yunit 1: Pagtuklas sa Sarili 3

Pang-isipang Pahayag I:

Ginagamit sa pagkilala ng mga tao ang mga pangalan at ibang kabatiran.

Pang-isipang Pahayag II:

Ang mga tao ay mga nabubuhay na bagay na masalimuot.

Pang-isipang Pahayag III:

May mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga tao.

Pang-isipang Pahayag IV:

Ang mga tao ay palaging nagbabago at lumalaki.

Yunit 2: Pamilya at Panlahing Pangkat 47

Pang-isipang Pahayag:

Kasama ang mga tao sa iba't ibang pangkat.

Hanguan ng mga Kagamitan 61

CONTENTS

Introduction

Notes to the Teacher

The Teacher's Guide

Unit 1: Self-Discovery

Conceptual Statement I:

Names and other information are used to identify people.

Conceptual Statement II:

People are complex living things.

Conceptual Statement III:

People have similarities and differences.

Conceptual Statement IV:

People are always changing and growing.

Unit 2: Family and Ethnic Group

Conceptual Statement:

People belong to different groups.

Resource Materials

BEST COPY AVAILABLE

PAMBUNGAD

Ang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay nagsisikap na pagyamanin ang pagsulong ng bata. Ang layuning ito ay nababatay sa paniniwala na ang pangkaisipang kalinangan ng bata ay hindi maihihiwalay sa kalinangang panlipunan, pandamdamin, at pangkatawan ng bata.

Upang mapadali ang pagsulong ng bata, ang Sentro ay pumili ng isang pamaraang interdisiplinaryo sa paglinang ng kurikulum. Kaya ang kurikulum ng Sentro ay pinagsama sa halip na hiwa-hiwalay sa mga tradisyonal na paksang larangan. Ang araling panlipunan ay napili upang maging buod ng kurikulum. Ang paksa at kaisipan ng araling panlipunan ang naging balangkas upang maitatag ang lahat ng larangan ng kapaksaan --matematika, sining ng wika/pagbasa, sining, at agham.

Ang apat na paksandiwa ng araling panlipunan ay: *Bata, Pamilya, Pamayanan,* at *Likas na Kapaligiran.* Ang mga paksandiwa ay lumilikaw, ang ibig sabihin, lumilitaw muli at lumalawak, sa kabuuan ng kurikulum mula sa isang antas hanggang sa susunod. Karagdagan nito, sa bawat baitang, isa o dalawang panig ng paksa ang binibigyang diin higit sa iba, habang ang bata ay unti-unting lumilipat mula sa payak hanggang sa masalimuot na kaisipan, at mula sa pag-unawa sa sarili hanggang sa pag-unawa sa lipunan.

Nakasama sa apat na paksandiwa ang mga kaisipang: *Pagkakakilanlan, Pangangailangan* at *Pakikisalamuha.*

Pagkakakilanlan

Mahalaga sa buhay ng bawat bata ang isang matatag at tiyak na pagtingin sa sarili. Ito ay mahalaga sa paglinang at pagsulong ng pangkaisipan, pandamdamin, panlipunan, at pangkatawang kakayahan ng bata. Ito ay nagmumula sa tiyak na pagkakilala ng bata sa kanyang pagiging isang taong bukod tangi, bilang isang miyembro ng kaniyang pamilya at pamayanan, at bilang isang kaanib sa kaniyang kultura at kasaysayan. Bunga nito ang paglinang ng isang batang may sariling pagpupunyagi, may kakayahang gumawa ng isang mariing impresiyon sa iba at sa kanyang kapaligiran sa isang malikhain, may pananagutan, at mabahalang gawi.

Pangangailangan

Ang isang batang may sariling-pangangasiwa ay maliwanag na napaghuhulo at nasusuri ang kanyang pangangailangan at kagustuhang pangkatawan, panlipunan, at pangkabuhayan. Sinasaliksik niya ang kanyang pantao at pampaligirang yaman at nasasanay siya sa paggamit nito upang matupad ang kanyang mga pangangailangan. Nalalaman ng bata kung paano nagtutulung-tulong ang mga tao at iba pang may buhay upang matupad ang mga pangangailangan ng bawat isa at makagawa nang mahusay sa ganoong tulung-tulong na pagsisikap.

INTRODUCTION

The Asian American Bilingual Center curriculum attempts to foster the total growth of the child. This goal is based on the belief that the child's cognitive development is inseparable from the child's social, affective and psychomotor development.

In order to facilitate the child's total growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Thus the Center curriculum is integrated rather than segmented into traditional subject areas. Social studies has been selected as the core of the curriculum design. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas--mathematics, reading/language arts, fine arts, and science--are organized.

The four social studies themes are: *Child, Family, Community,* and *Natural Environment.* These themes spiral, that is, reappear and expand, through the curriculum from one level to the next. At each level, one or more aspects of a theme are emphasized more than others as the child moves from simple to complex ideas and from the understanding of self to an understanding of society.

Correlated with the four themes are the concepts: *Identity, Needs,* and *Interaction.*

Identity

A strong and positive self-concept is a vital part of every child's life. It is integral to the development of the child's intellectural, emotional, social, and physical capabilities. It stems from the child's confident recognition of his/her uniqueness as an individual, as a member of his/her family and community, and as a participant in his/her culture and history. It results in the development of a self-determining child, one who is increasingly able to make decisions, solve problems, and make an impact on others and on the environment in a creative, responsible, and concerned manner.

Needs

A self-managing child clearly perceives and analyzes his/her physical, social, and economic wants and needs. S/he explores and becomes skilled in the use of his/her human and environmental resources in order to fulfill those needs. The child is knowledgeable about how people and other living things must work together to fulfill one another's needs and operates competently in that cooperative effort.

Interaction

In order to function effectively with people and within the environment, the child recognizes the necessity and value of interdependence. The child is aware of and respects the values, feelings, and rights of others. S/he understands the impact made upon him/her by others and by factors in the environment, and in turn is able to make an impact on them. The child is perceptive and analytical in his/her interactions. S/he deals with problems, conflicts, and changes with reason and initiative. Skilled in verbal and non-verbal communication, the child understands cause and effect, and collective decision making. The child's actions and interactions reflect his/her concept of him/herself as an individual and as a member of the community. They express his/her culture and history. Thus, it can be seen that *Identity, Needs,* and *Interaction* are closely interwoven.

Pakikisalamuha

Upang mabisang makibagay sa mga tao at sa kapaligiran, nakikilala ng bata ang pangangailangan at kahalagahan ng pagtutulungan. Nababatid at iginagalang ng bata ang kahalagahan, damdamin, at karapatan ng kapwa. Nauunawaan niya ang epekto sa kanya ng mga kapwa at ng mga sanhi sa kapaligiran. Bilang ganti, may epekto din siya sa kanila. Ang bata ay mapansinin at mapanuri sa kanyang mga pakikisalamuha. May katuwiran at kakusaan niyang hinaharap ang mga problema, salungatan, at pagbabago. Bihasa sa bigkasin at di-bigkasaing pagpapahayag, nauunawaan niya ang dahilan at epekto, at nanunungkulan at nagpapahalaga siya sa tulungan at sama-samang pagpapasiya. Ang mga kilos at pakikisalamuha ng bata ay naglalarawan ng kanyang pagtingin sa sarili bilang isang tao at isang kasapi ng pamayanan. Ipinahahayag nila ang kanyang kalinangan at kasaysayan. Kaya, makikita na tiyakang magkakaugnay ang *Pagkakakilanlan, Pangangailangan,* at *Pakikisalamuha.*

Ang nilalaman ng kurikulum sa loob ng mga itinatag na takdang-guhit ay damkulturalin na may Asyano-Amerikanong diin. Upang maitatag ang inaasahang bunga sa bawat yunit, natatanging pansin ang ibinigay sa paglakip ng mga kasanayan sa paglilinaw at pagsusuri ng mga kahalgahan, damdamin, at saloobin.

Nakapakete sa tatlong kit ang bawat antas ng kurikulum ng Sentro. Apat na antas ng mga kagamitang pangkurikulum ang nilinang para sa mababang paaralan. Ang programa para sa Panimulang Antas ay binalangkas para sa mga bata sa prekindergarten at kindergarten. Ang programa para sa Unang Antas ay naangkop para sa mga bata sa una at ikalawang grado, ang programa sa Ikalawang Antas para sa ikatlo at ikaapat na grado, at ang programa sa Ikatlong Antas para sa ikalima at ikaanim na grado. Dala ng bawat kit ang isa sa mga kalakhang kaisipan ng Sentro: Kit ng Pagkakakilanlan, Kit ng Pangangailangan, at Kit ng Pakikisalamuha. Bawat kit ay naglalaman ng:

1. patnubay ng guro at hanguang aklat
2. hanbuk sa matematika ng guro
3. hanbuk sa sining ng wika
4. gawaing-aklat sa matematika
5. gawaing-aklat sa sining ng wika
6. batayang babasahin
7. tangkas ng mga plaskard
8. tangkas ng mga tsart
9. tangkas ng mga kuwentong-aklat

Bawat antas ng kurikulum ng Sentro, samakatuwid, ay binubuo ng mahigit sa tatlumpung produkto.

The content of the curriculum within the guidelines established above is multicultural with an Asian American emphasis. In establishing what the student is expected to learn in each unit, particular attention has been given to clarifying and analyzing values, feelings, and attitudes.

The Center's curriculum is packaged into three kits per level. Four levels of curriculum materials have been developed for the elementary grades. The Introductory Level program is designed for prekindergarten and kindergarten children. The Level One program is suitable for students in grades one and two, the Level Two program for grades three and four, and the Level Three program for grades five and six. Each kit carries the name of one of the Center's major concepts: Identity Kit, Needs Kit, and Interaction Kit. In general, each kit contains:

1. a teacher's guide and resource book
2. a teacher's math handbook
3. a teacher's language arts handbook
4. a student math workbook
5. a student language arts workbook
6. a basal reader
7. a set of flashcards
8. a set of charts
9. a set of storybooks

Each level of the Center's curriculum, therefore, consists of more than thirty products.

MGA TALA PARA SA GURO

Ang pinagsama-samang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay naglalaman ng tatlong bahagi: matematika, mga sining ng wika, at mga araling panlipunan. Kung ang interdisiplinaryong pampagkatutong kapaligiran ay ilalaan para sa mga mag-aaral, kinakailangang gamitin ng guro ang lahat na tatlong bahagi. Sa ganitong paraan lamang maituturo sa mga bata nang maugnayin at makabuluhan ang nilalaman, mga kaisipan, mga batayang kasanayan at paglinang sa wika. Gayundin, ipinakete ng Sentro ang mga kagamitan sa isang paraang madaling maiaakma ng guro ang mga ito sa mga pansariling pangangailangan ng mga bata sa iba't ibang pampagtuturong pamamaraan.

Ang mga araling panlipunang bahagi ng kurikulum ay kinabibilangan ng mga kagamitan sa araling panlipunan, sining, at araling pangkapaligiran na nakapakete sa mga patnubay at hanguang aklat ng guro, mga kuwentong-aklat, at mga tsart. Tatlong kit–Pagkakakilanlan, Pangangailangan, at Pakikisalamuha–ay inilalaan para sa bawat antas ng kurikulum. Ang bawat kit ay naglalaman ng isang set ng mga kagamitang nakalista. Sa humigit-kumulang na tatlumpung minutong pagtuturo bawat araw, tatlumpung linggo ang kailangan upang matapos ang mga kagamitan sa tatlong kit, o mga sampung linggo sa bawat kit.

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat ang bumubuo ng batayan ng bahaging araling panlipunan. Ang mga yunit sa Panimulang Antas ng Pagkakakilanlan ay (I) Pagtuklas sa Sarili at (II) Pamilya at Panlahing Pangkat. Bawat yunit ay mga limang linggo ang tagal.

Ang mga yunit ay nahahati sa mga *pang-isipang pahayag*. Ang mga pang-isipang pahayag ay mga paglalahat ng kaisipan at nilalamang diin ng kurikulum. Bawat pang-isipang pahayag ay may kasamang mga *pampagkatutong layunin* na nagbibigay ng higit na tiyak na kabatiran tungkol sa saklaw at pagkakasunud-sunod ng mga sakop na paksa.

Ang mga pampagkatutong layunin naman ay naisasagawa sa mga *gawain* sa silid-aralan. Sa bawat gawain, ang mga *pangkampaning layunin* ang nagpapakilala ng mga kasanayang binibigyan ng diin. Ang mga panggampaning layunin ay karaniwang isinaayos mula sa mababa hanggang sa matataas na mga kognitibong antas at kasama rin ang mga tunguhing pandamdamin.

Kasunod ng mga panggampaning layunin ang isang talaan ng mga *kagamitan* na kinakailangan upang maisagawa ang mga gawain. Ito ay binagtas-sangguni sa mga *hanguang kagamitang* bahagi sa likod ng patnubay ng guro. Ang mga gawaing papel, mga papel-pangmusika, mga gawaing aklat, mga laro, mga pampagtuturong larawan, at iba pang mga kagamitan ay dapat alisin sa mga butas-butas at ihanda para sa pansilid-aralang gamit.

Kuwentong-Aklat

Isang kuwentong-aklat na babasahin nang malakas sa mga bata ang kasama sa Patnubay at Hanguang Aklat ng Guro. Ipinaliwanag sa patnubay ang mga paraan ng talakayan at iba pang mga kuwentong-aklat na mga gawain.

Tsart

Mayoon ding isang 56 sm. x 71 sm. na walang wikang tsart bilang pantulong na pangmata para sa mga tiyak na gawain.

NOTES TO THE TEACHER

The Asian American Bilingual Center's integrated curriculum contains three components: mathematics, language arts, and social studies. If an interdisciplinary learning environment is to be provided for the students, it is essential that the teacher use all three components. Only thus can content, concept, basic skills, and language development be imparted to the children in a cohesive and meaningful way. At the same time, the Center has packaged the materials in such a way that the teacher can easily adapt them to the individual needs of the children and to different instructional techniques.

The social studies component of the curriculum includes social studies, fine arts, and environmental studies materials packaged into a teacher's guide and resource book, storybooks, and charts. Three kits---Identity, Needs, and Interaction---are provided for each curriculum level. Each kit contains a set of materials listed. At an average of thirty minutes of instruction a day, thirty weeks are needed to cover the materials in all three kits, or about ten weeks for each kit.

The Teacher's Guide and Resource Book

The Teacher s Guide and Resource Book forms the basis of the social studies component. The units in the Introductory Level Identity Teacher's Guide and Resource Book are (I) Self-Discovery and (II) Family and Ethnic Group. Each unit is about five weeks long.

The units are divided into *conceptual statements*, generalizations of the concept and content emphasis of the curriculum. Each conceptual statement is accompanied by *learning objectives* which give more specific information about the scope and sequence of the topics covered.

The learning objectives in turn are achieved through classroom *activities*. For each activity, *performance objectives* indicate the skills emphasized. The performance objectives are generally arranged from low to high cognitive levels and include affective goals as well.

A list of *materials* needed to implement the activities follows the performance objectives. It is cross-referenced to the *resource materials* section at the back of the teacher's guide. The worksheets, music sheets, activity books, games, teaching pictures, and other materials should be removed along the perforations and prepared for classroom use.

Storybook

One storybook to be read aloud to the children accompanies the Teacher's Guide and Resource Book. Discussion strategies and other storybook activities are explained in the guide.

Chart

One 56 cm. x 71 cm. language-free chart is also provided as a visual aid for specified activities.

TEACHER'S GUIDE

ANG PATNUBAY NG GURO

YUNIT 1 :
Pagtuklas sa Sarili

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Ginagamit sa pagkilala ng mga tao ang mga pangalan at ibang kabatiran.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang mga tao ay mga nabubuhay na bagay na masalimuot.

PANG-ISIPANG PAHAYAG III

May mga pagkakatulad at pag-kakaiba ang mga tao.

PANG-ISIPANG PAHAYAG IV

Ang mga tao ay palaging nagba-bago at lumalaki.

UNIT 1 :
Self-Discovery

CONCEPTUAL STATEMENT I

Names and other information are used to identify people.

CONCEPTUAL STATEMENT II

People are complex living things.

CONCEPTUAL STATEMENT III

People have similarities and differences.

CONCEPTUAL STATEMENT IV

People are always changing and growing.

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Ginagamit sa pagkilala ng mga tao ang mga pangalan at ibang kabatiran.

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata na ginagamit sa pagkilala ng mga tao ang mga pangalan.

Gawain 1

Pampagkatutong Layunin 2

Malaman ng bata na ang mga tirahan at numero ng telepono ay nakatutulong sa pagkilala ng tao.

Gawain 2

CONCEPTUAL STATEMENT I

Names and other information are used to identify people.

Learning Objective 1

The child will learn that names are used to identify people.

Activity 1

Learning Objective 2

The child will learn that addresses and telephone numbers help identify people.

Activity 2

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata na ginagamit sa pagkilala ng mga tao ang mga pangalan.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Ibigay ang buo niyang pangalan.
2. Sabihin na ang buong pangalan ay binubuo ng pangalan, panggitnang ngalan at apelyido.
3. Sabihin kung paano siya nagkaroon ng ganoong pangalan at kung ano ang ibig sabihin nito.

Mga kagamitan

AABC 1. Musika, "Good Morning" (62)
2. Musika, "Awit ni Rey" (63-64)

Iba pa 1. Piyeltro, papel de liha, gunting, tabla, papel-panggawain, pakinang

Mga panuto

1. Batiin ang mga bata habang sila'y dumarating. Magpakilala ka sa pagbibigay ng buo mong pangalan. Hilingin sa mga batang ipakilala ang kanilang sarili. Pagkatapos, ipakilala siya sa ibang bata. Ganyakin silang sumunod sa iyong halimbawa, magpakilala sa ibang bata habang pumapasok ang mga ito.

2. Tulungan ang mga bata sa paggawa ng mga kard ng pangalan. Isulat ng kola ang buong pangalan ng bawat bata (pangalan, panggitnang ngalan, apelyido) at pabudburan sa ibabaw ng pakinang ang mga ito. Ipatabi muna ang mga ito upang matuyo. Ganyakin ang mga bata na ipakita sa bawat isa kung ano ang dapat gawin. Kapag natuyo na at tumigas ang kola, ipabakas sa kanila ng kanilang mga daliri ang kanilang mga pangalan, binabaybay ang bawat titik habang ginagawa ito. Itago ang mga kard para sa mga gawain sa hinaharap.

3. Tipunin nang pabilog ang mga bata at awitin ang "Good Morning." Sa tuwing ang tanong na "Please, what is your name?" ay kinakanta, ituro ang isang tanging bata at ipasagot sa kaniya ang tanong. Ulitin ito hanggang ang lahat ay nagkaroon na nang pagkakataong magbigay ng kanilang buong pangalan.

   O awitin ang "Awit ni Rey." Magbibigay ito ng pagkakataon sa mga bata na sabihin ang pangalan ng kanilang mga kaklase.

4. Talakayin ang kabuuan ng mga pangalan. Kunin ang mga kard ng pangalan at basahin nang malakas ang bawat pangalan. Tulungan ang mga batang kilalanin ang mga pangalan, panggitnang ngalan at apelyido.

5. Magpadala ng maikling sulat sa mga magulang na ipinaliliwanag ang aralin. Hilingin sa kanilang sabihin sa kanilang anak ang kahulugan ng pangalan niya o ang kuwento kung paano siya nabigyan ng ganoong pangalan.

   Sa susunod na araw, hilingin sa mga batang ibahagi sa klase kung ano ang sinabi sa kanila ng kanilang magulang. Simulan sa pagsasabi sa kanila kung paano mo nakuha ang iyong pangalan.

Learning Objective 1

The child will learn that names are used to identify people.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Give his/her complete name.
2. State that a complete name is composed of a first name, middle name, and last name.
3. Tell how s/he got his/her name or explain what his/her name means.

Materials

AABC 1. Music, "Good Morning" (62)
2. Music, "Awit ni Rey" (63-64)

Other 1. Felt, sandpaper, scissors, board, construction paper, glitter

Instructions

1. Greet the children as they arrive. Introduce yourself, giving your complete name. Ask each child to introduce him/herself. Then introduce him/her to another child. Encourage them to follow your example, introducing themselves to the other children as they come in.

2. Help the children make name cards. Write each child's complete name (first, middle, last) with glue and ask him/her to sprinkle glitter over it. Have him/her set it aside to dry. Encourage the children to show each other what to do. When the glue has dried and hardened, ask them to trace their names with their fingers, spelling out each letter as they do so. File the cards for future activities.

3. Gather all the children in a circle and sing "Good Morning." Each time, "Please, tell me what your name is," is sung, point to a particular child and have him/her answer. Repeat this until everyone gets a chance to give his/her complete name.

   Or sing "Awit ni Rey." This will give the children a chance to name their classmates.

4. Discuss the composition of names. Take the name cards and read each name out loud. Help the children identify first, middle, and last names.

5. Write a note to parents explaining the lesson and asking them to tell their child the meaning of his/her name or the story of how s/he was named.

   The next day, ask the children to share with the class what their parents told them. Begin by telling them how you got your own name.

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata na ang mga tirahan at numero ng telepono ay nakatutulong sa pagkilala ng tao.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:

1. Sabihin ang kaniyang buong pangalan, tirahan at numero ng telepono.
2. Ipaliwanag ang kahalagahan ng kaalamang nabanggit sa itaas.

Mga kagamitan

AABC
1. Gawaing-papel, "Tulungan ang Karterong Hanapin ang Tirahan" (65)
2. Musika, "Zai Na Li?" (66)

Iba pa
1. Mga laruang telepono
2. Mga poskard, mga selyo

Mga panuto

1. Ipadala sa mga bata sa susunod na araw ang mga numero ng kanilang telepono at tirahan.

2. Tiyakin na dinala ng bawat bata ang numero ng kanilang telepono at tirahan. Maaaring magamit ang talaan ng klase kung sakali't may batang nakalimot. Ilabas ang mga laruang telepono. Isulat ang numero ng telepono mo sa pisara. Ipakita kung paano idayal ang mga numero. Pasundan sa mga bata ang iyong halimbawa, gamit ang kanilang mga numero ng telepono. Talakayin kung bakit mahalaga na alam ng isang tao ang bilang ng kaniyang telepono. Kung magagawa ng mga bata, ipasaulo sa kanila ang bilang ng kanilang telepono.

3. Ipasabi sa mga bata ang kanilang mga tirahan. Ipalarawan sa kanila ang kanilang pamilya at kung saan sila nakatira. Talakayin kung bakit mahalaga na alam ng isang tao ang kaniyang tirahan. Kung makakaya ng mga bata, tulungan silang isaulo ang kanilang mga tirahan. Batay din sa kakayahan ng mga bata, ipakita sa pisara kung paano lagyan ng tamang direksiyon ang isang poskard. Ipamahagi sa mga bata ang mga poskard. Magpadrowing sa mga poskard, ilagda ang kanilang pangalan, lagyan ng direksiyon ang mga kard para sa kanilang mga pamilya, at lagyan ng selyo. Ipadala sa koreo ang mga poskard para sa kanila.

4. Isulat ang buong pangalan, tirahan at numero ng telepono ng bawat bata sa isang malaking pilas ng papel-panggawain. Itaas ang bawat pilas at ipakilala sa mga bata kung alin ang kanila.

5. Ituro ang kantang, "Zai Na Li?"

Learning Objective 2

The child will learn that addresses and telephone numbers help identify people.

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. State his/her name, address and phone number.
2. Explain the usefulness of the above information.

Materials

AABC 1. Worksheet, "Help the Mail Carrier Find the Address" (65)
2. Music, "Zai Na Li?" (66)

Other 1. Toy telephones
2. Postcards, stamps

Instructions

1. Ask the children to bring their phone numbers and addresses the next day.

2. Ascertain that each child has brought his/her phone number and address. The class roster may be used in the event that a child forgets.

   Bring out the toy telephones. Write your telephone number on the chalkboard. Demonstrate how to dial the number. Have the children dial their own telephone numbers.

   Discuss why knowing one's telephone number is important. If the children are able, have them memorize their numbers.

3. Have the children recite their addresses. Ask them to describe their family and where they live. Discuss why knowing one's address is important. If the children are able, help them memorize their addresses. Also depending on the children's capabilities, demonstrate on the chalkboard how to correctly address a postcard. Distribute postcards to the children. Have them draw pictures on the postcards, sign their names, address the cards to their families, and stamp them. Mail the postcards for them.

4. Write each child's name, address and phone number on a large sheet of construction paper. Hold up each sheet and have the children identify which is theirs.

5. Have the children do the worksheet, "Help the Mail Carrier Find the Address."

6. Teach the song, "Zai Na Li?"

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang mga tao ay mga nabubuhay na bagay na masalimuot.

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata na ang katawan ng tao ay maraming mga bahagi at mga kakayahan.

Mga Gawain 1 - 7

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT II

People are complex living things.

Learning Objective 1

The child will learn that the human body has many parts and capabilities.

Activity 1 - 7

Culminating Activity

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata na ang katawan ng tao ay maraming mga bahagi at mga kakayahan.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:

1. Sabihin ang mga bahagi ng katawan.
2. Igalaw ang katawan ayon sa ipinag-uutos.
3. Kilalanin ang *kanan* sa *kaliwa*, *ilalim* sa *ibabaw*, at iba pang mga katawagang may mga agwat na kaugnayan.

Mga kagamitan

AABC

1. Musika, "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo" (67)
2. Musika, "Hugis at Guhit" (68-69)
3. Musika, "Isa, Dalawa, Tatlo" (70)
4. Musika, "Kamay, Paa; sa Loob, sa Labas" (71-72)
5. Musika, "Dalawa ang Kamay Ko" (73)

Mga panuto

1. Awitin at isakilos ang alinman sa unang tatlong mga awit na nakalista. Maaari ring ipaawit ng guro sa klase ang tanyag na awiting "Boa Constrictor" ("Mapanganib na Sawa"):

   Ako ay nilululon ng isang sawa
   (ituro ang sarili)
   Ayaw ko itong talaga
   (iiling)
   Ang daliri ng aking paa
   (ituro ang mga daliri ng paa)
   Sa tuhod ko'y umaabot na
   (ituro ang mga tuhod)
   Ay naku! Ay naku! nasa baywang na siya
   (ilagay ang mga kamay sa baywang)
   Hanggang sa leeg tumaas pa
   (ilagay ang mga kamay sa leeg)
   Hayan! abot na siya sa aking. . .
   (takpan ang mukha)

2. Gawin ang larong, Sabi ni Simon, gamit ang mga utos na tulad ng:

   a. Hipuin ang iyong braso.
   b. Hipuin ang dalawa mong braso.
   c. Ilabas ang mga kamay, pataas ang mga palad.
   d. Ilabas ang mga kamay, pababa ang mga palad.
   e. Hipuin ang iyong ulo.
   f. Hipuin ang iyong mga balikat.
   g. Hipuin ang iyong mga tuhod.
   h. Hipuin ang mga daliri ng iyong mga paa.

   Pagpalit-palitin ang mga bata sa pagiging "Simon."

3. Upang mapagbalik-aralan ang mga galaw ng katawan, mga may agwat na kaugnayan, at kaliwa-kanang patunguhan, pasundan sa mga bata ang mga pasalita mong mga panuto upang isagawa ang mga sumusunod:

   a. Pumalakpak ka.
   b. Pumadyak ka.
   c. Itaas ang kanang kamay.
   d. Itaas ang kaliwang kamay.
   e. Lumundag sa kaliwang paa.
   f. Lumundag sa kanang paa.
   g. Hipuin ng kaliwang kamay ang kanan mong tainga.
   h. Ipatong ang iyong kaliwang kamay sa iyong kanang kamay.

Learning Objective 1

The child will learn that the human body has many parts and capabilities.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Name the parts of the body.
2. Perform body movements as directed.
3. Distinguish *right* from *left*, *under* from *over*, and other terms of spatial relationships from each other.

Materials

AABC 1. Music, "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo" (67)
2. Music, "Hugis at Guhit" (68-69)
3. Music, "Isa, Dalawa, Tatlo" (70)
4. Music, 'Kamay, Paa; sa Loob, sa Labas" (71-72)
5. Music, "Dalawa ang Kamay Ko" (73)

Instructions

1. Sing and act out any of the first three songs listed. The teacher can also have the class sing the popular "Boa Constrictor" song:

I'm being swallowed by a boa constrictor
(point to self).
And I don't like it very much
(shake head).
Oh no! Oh no! he swallowed my toe
(point to toes).
Oh gee! Oh gee! he's up to my knee
(point to knees).
Oh fiddle! Oh fiddle! he's up to my middle
(put hands on waist).
Oh heck! Oh heck! he's up to my neck
(put hands around neck).
Oh dread! Oh dread! He's up to my . . .
(cover head).

2. Play the game, Simon Says, using commands such as:

a. Touch your arm.
b. Touch both your arms.
c. Hold out your hands, palms up.
d. Hold out your hands, palms down.
e. Touch your head.
f. Touch your shoulders.
g. Touch your knees.
h. Touch your toes.

Have the children take turns being "Simon."

3. To review body movements, spatial relationships, and left-right directions, have the children follow your oral instructions to do the following:

a. Clap your hands.
b. Stamp your feet.
c. Raise your right hand.
d. Raise your left hand.
e. Hop on your left foot.
f. Hop on your right foot.
g. Touch your right ear with your left hand.
h. Put your left hand over your right hand.

i. Tayo.
j. Upo.
k. Ilagay ang iyong kanang kamay sa ilalim ng iyong baba.
l. Yumuko at ilagay ang iyong ulo sa pagitan ng iyong mga binti.
m. Maupo sa sahig na nakapailalim ang iyong mga binti.

Bilang panghalili, ipakanta at ipasakilos sa mga bata ang "Hokey Pokey," "Kamay, Paa; sa Loob, sa Labas," o "Dalawa ang Kamay Ko."

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Sabihing may kalansay ang katawan ng tao.
2. Sabihin ang tungkulin ng kalansay.
3. Kilalanin ang iba't ibang bahagi ng kaniyang katawan.

Mga kagamitan

AABC 1. Gawaing-papel, "Mga Kalansay" (74)

Iba pa 1. Modelo o tsart ng kalansay ng tao
2. Manikang basahan

Para sa sanggunian ng guro

1. McGuire, Leslie, *You: How Your Body Works.* New York: Platt & Munk, 1974.

Mga panuto

1. Ipakilala ang kalansay sa mga bata.

   Talakayin kung para ano ang kalansay. Ipaliwanag na ang kalansay ng tao ang humahawak sa mga kalamnan at nagbibigay ng balangkas para sa mga sangkap at himaymay. Pinangangalagaan din nito ang mga mahahalagang sangkap tulad ng utak, baga, at puso. Maaaring ipakita sa pamamagitan ng isang manikang basahan kung paano nagiging imposible ang pagtayo kapag walang kalansay.

   Ipakita kung paano inaalalayan ng mga tadyang ang mga mahahalagang sangkap tulad ng puso at mga baga.

   Sabihin na ang bungo ang nangangalaga sa utak.

   Ituro ang iba't ibang mga buto sa ating katawan na nasa kalansay at pagkatapos ay kilalanin ang mga ito sa ating katawan.

2. Ituro ang kantang, "Them Bones." Ipaturo sa mga bata ang tamang bahagi ng kanilang katawan habang umaawit.

Koro: Them bones, them bones, them dry bones (3x)
Oh, hear the word of the Lord.

Well, the head bone's connected to the neck bone,
The neck bone's connected to the shoulder bone,
And the shoulder bone's connected to the arm bone,
The arm bone's connected to the elbow bone,
Etc., etc.

Oh, hear the word of the Lord.

Ulitin ang koro.

i. Stand up.
j. Sit down.
k. Put your right hand under your chin.
l. Bend down and put your head between your legs.
m. Sit on the floor with your legs tucked under.

Alternatively, have the children sing and act out "Hokey, Pokey," "Head, Foot; Inside, Outside," or "I Have Two Hands."

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. State that the human body has a skeleton.
2. State the function of a skeleton.
3. Identify various parts of his/her own body.

Materials

AABC 1. Worksheet, "Skeletons" (74)

Other 1. Model or chart of human skeleton
2. Rag doll

For teacher reference

1. McGuire, Leslie. *You: How Your Body Works.* New York: Platt & Munk, 1974.

Instructions

1. Introduce the skeleton to the children.

   Discuss what a skeleton is for. Explain that the human skeleton supports muscles and provides a framework for organs and tissues. It also protects vital organs such as the brain, lungs, and heart.

   You may demonstrate with a rag doll how the absence of a skeleton makes standing up impossible.

   Show how the rib cage protects vital organs such as the heart and lungs. Point out that the skull protects the brain.

   Point out the different bones in the body on the skeleton and then identify them on your own body.

2. Teach the song, "Them Bones." Have students point to appropriate parts of their bodies as they sing:

   Chorus: Them bones, them bones, them dry bones (3X)
   Oh, hear the word of the Lord.

   Well, the head bone's connected to the neck bone,
   The neck bone's connected to the shoulder bone,
   And the shoulder bone's connected to the arm bone,
   The arm bone's connected to the elbow bone,
   Etc., etc.
   Oh, hear the word of the Lord.

   Repeat chorus

Ito ay isang kantang walang katuturan. Alinman sa mga "buto" ay maaaring idugtong sa alinmang ibang buto kahit na hindi tama sa anatomiya. Higit marahil kasiya-siya kapag inawit sa ganitong paraan.

3. Gawin ang gawaing-papel na "Mga Kalansay."

GAWAIN 3

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:

1. Sabihin na mayroon siyang pandamdam.
2. Kilalanin ang iba't ibang kayarian sa paghipo.
3. Sabihin na ang mga buhay at walang buhay na bagay ay may iba't ibang kayarian.
4. Kilalanin ang temperatura at pagkabasa ng mga bagay sa paghipo.
5. Kilalanin ang mga hugis at laki ng mga bagay sa paghipo.

Mga kagamitan

Iba pa

1. Mga kahon ng sapatos, pambalot na plastik o palarang aluminyo, kutsilyong X-acto o gunting, masking tape, pentel pen
2. Iba't ibang mga bagay tulad ng balahibo, nylon, kanyamaso, metal, yelo, lutong spaghetti, Velcro, piyeltro, mga mainit na bato, goma.

Mga panuto

1. Gumawa ng Kahong Pansalat mula sa isang kahon ng sapatos. Lagyan ng butas ang isang dulo na tamang maipasok ang isang kamay, ngunit hindi napakalaki upang makita kung ano ang nasa loob. Gumawa ng isang kahon para sa bawat bagay o palitan ang bagay pagkatapos mahipo ng bawat bata kung ano ang nasa loob. Kung yelo o katulad nito ang ginagamit mo, lagyan ng panloob na pambalot na plastik o palarang aluminyo ang kahon.

2. Magsimula sa pagsasabi sa mga bata na halos masusuri na nila ang pandamdam. Talakayin kung ano ang kahulugan ng pandamdam. Itanong kung paano nila nadarama ang hugis, laki, temperatura, kayarian, at ibang mga katangian ng mga bagay. Sabihin sa kanila kung paanong ang mga nerbiyos sa ating balat ay naipakikilala sa atin ang iba't ibang pandama.

3. Itanong sa mga bata kung anong mga uri ng mga bagay ang kanilang nadarama. Maaari ba nating madama ang mga sukat? temperatura? kulay? amoy? mga tunog?

   Ipasalat sa mga bata nang isa-isa ang loob ng kahon na hindi sila sumisilip sa loob. Ipalarawan sa kanila kung ano ang kanilang hipo at pahulaan kung ano iyon.

   Maaari silang sumilip sa loob ng kahon pagkatapos na mahipo ng bawat isa kung ano ang nasa loob.

4. Talakayin kung paano nila ginagamit ang kanilang pandamdam sa pang-araw-araw na buhay.

